| | |
|---|---|
| PhilHealth *Your Partner in Health* | **TAMANG SAGOT (TS)**<br>**Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular** |
| **Circular No.** | **2022-0011** |
| **Title** | **PhilHealth Registry of Newborns** |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| **1. Ano ang patient registry?** | Ang "patient registry" ay ang isang digital storage kung saan nakaimbak ang mga datos na kinolekta mula sa grupo ng mga pasyente na may pare-parehong karamdaman o kondisyon na may sinusunod na mga pamantayan. |
| **2. Ano ang PhilHealth Registry of Newborns?** | Ito ay isang programa na may layunin na magkolekta at mag-imbak ng mga datos ng mga nanay at kanilang bagong panganak na sanggol na nabigyan ng serbisyong pangkalasugan mula sa isang PhilHealth-accredited na ospital o pagamutan. |
| **3. Sino-sino ang saklaw ng polisiyang ito?** | Saklaw ng polisiyang ito ang lahat ng PhilHealth contracted hospital o pagamutan na aktibong nagpapatupad ng Z Benefits para sa premature o small newborns, gayundin ang iba pang stakeholders na may kinalaman sa pagpapatupad ng nasabing programa. |
| **4. Ano-ano ang mga kailangang isumite para sa pagpaparehistro ng account para sa registry?** | Ang isang ospital o pagamutan ay maaaring magpasa ng mga sumusunod na dokumento upang mabigyan ng user account para sa registry:<br>a. Notarized Non - Disclosure Agreement (NDA)<br>b. PhilHealth Online Access Form (POAF)<br>c. Kopya ng employee identification card |
| **5. Saan magpaparehistro upang mabigyan ng account para sa nasabing registry?** | Maaaring ipasa ng ospital ang mga kaukulang dokumento sa nasasakop na PhilHealth Regional Office (PRO).<br><br>Matapos masuri ang mga dokumentong ipinasa at maaprubahan ng PhilHealth ang request, makatatanggap ng "username" at "default password" ang authorized user ng registry na awtomatikong ipapadala sa kanyang email address. |
| **6. Ano ang gagawin kung sakaling nag-resign, nare-assign o may bagong nominadong user ang ospital?** | Ang bawat ospital ay may limang (5) "user accounts" na maaaring ipagkaloob ng PhilHealth.<br><br>Kung sakali na ang mga awtorisadong gumagamit ng registry ay umalis na sa kanilang ospital o nalipat ng trabaho, dapat i-update ng ospital ang PhilHealth sa pamamagitan ng pagsusumite ng listahan ng mga aktibong gumagamit ng registry system. Gayundin, dapat magpasa ng mga kaukulang dokumento na nakasaad sa polisiya para sa mga bagong mga nominado upang mapagkalooban ng kanilang user account. |